

# *MGA TAONG NAKAKAKILALA KAY JESUS*

*Interactive Pag-aaral ng Biblia sa John*

## PAMBANSANG KAMPANYA SA PAGBABASA NG BIBLIYA

Tagalog 10-14

**Paggamit at pagtuturo ng "Mga Taong Nakakakilala kay Jesus"**

Ang serye ng pag-aaral ng bibliya, Mga Taong Nakakakilala kay Jesus, ay matagumpay na ginagamit. Mga dahilan ng tagumpay: Ang bawat pag-aaral ay hanggo sa totoong pangyayari sa bibliya; ang mga mag-aaral ay hinahayaang matutunan ang katotohanan sa kanilang sarili; ang pag-anyaya ng ebanghelyo ay binibigay pagkatapos pag-aralan ang bilang lima at anim ngunit binibigay ito sa paraang siya ay mahihikayat na tangapin si Cristo na hindi siya mapipilitang magsabi ng "oo" o "hindi" sa mga sandaling iyon.

PAPAANO ITUTURO SA IBA: Ang lihim sa pagtuturo ng araling ito ay hayaang matutunan ng mag-aaral ang katotohanan sa kanyang sarili. Ang mag-aaral ay minumungkahing basahin ang unang talata ng pag-aaralan, pagkatapos ang susunod na talata ay iba naman, at ang ikatlong mag-aaral ay babasahin ang libro ni Juan 1:6-7 na nakalimbag din sa pag-aaralan. Ang susunod naman ay hahayaang basahin ang mga tanong at ang tatlong pagpipilian. Pagkatapos ay sasabihin ng guro, "Pumili ng sagot habang binabasa kong muli ang talata." Pagkatapos basahin, tatanungin ng guro ang nagbasa, "Ano ang iyong sagot?" Bawat mag-aaral ay hahayaang bigkasin ang kanilang sagot. Magtatanong ang guro "Nagkakasundo ba tayong lahat?" Ang guro ay hindi magsasabi kung tama o mali ang kanilang sagot, magpapatuloy siya sa susunod na talata.

Paano kung may nagbigay ng maling sagot? Ang guro ay hindi magpapahalatang nagulat o sasabihing siya ay mali. Hayaang basahin ng bawat mag-aaral ang kanilang mga sagot. Ang guro ay magsasabing, "Kaaya-aya. May kakaiba tayong opinyon. Basahin muli natin ang talata at pagkasunduan natin kung ito ang nararapat na sagot at bakit ito ang inyong napili." Hayaan na ang grupo ang magwasto sa nagkamali. Nagpapatunay lamang na ang grupo ang mas may karapatan at hindi ang guro.

Ito ang tamang pagkakasunod-sunod: (1) Babasahin ng mag-aaral ang talata ng malakas. (2) Ang ikalawa ay babasahin ang tanong at ang maaring sagot. (3) Papipiliin ng guro ang mga mag-aaral ng sagot habang binabasa niyang muli ang talata. (4) Babasahin ng mag-aaral ang kanilang sagot, maaring magkakatulad. Pagkatapos, ang guro ay lilipat sa susunod na talata.

Minsan, may mag-aaral na hindi babangitin ang kanyang sagot at sasabihing "Kapareho sa iba." Kapag dumating ang ganitong pangyayari, ang guro ay magsasabi, "Salamat, subalit pakibasa ang iyong sagot."

Ang guro ay hindi dapat laging nagsasalita o nagpapaliwanag. Siya dapat ay nag-gagabay sa grupo sa mga talata at mga tanong. Sa karunungang taglay, mas mahihikayat natin silang matutunan ito sa kanilang sarili. Kung may tanong silang importante, makikinig silang may paggalang sa tuwing sasagutin natin ng simple at hindi nanghuhula.

Kung may mga taong hirap bumasa, huwag natin silang pilitin. Subalit, sila ay hinihikayat na sumagot ng mga tanong, lalo na iyong mga madadali at nabasa na ng iba ang sagot.

Church Starts International
Email: billdavis@churchstarts.com
tedlindwall@churchstarts.com
Website: www.churchstarts.com
"Every Community on Earth Deserves a New Testament Church"

CHURCH STARTS INTERNATIONAL
A Gateway to World Missions

# Mga Nilalaman

**Unang Aralin** 1
Juan Bautista

**Ikalawang Aralin** 4
Ang Samaritana

**Ikatlong Aralin** 8
Ang Gutom na mga Tao

**Ikaapat na Aralin** 12
Ang Taong Pinanganak na Bulag

**Ikalimang Aralin** 16
Nicodemo, Ang Relihiyosong Tao


**Ikaanim na Aralin** 20
Ang Hindi Naniniwalang mga Alagad

**Pambansang Kampanya sa Pagbabasa ng Bibliya**

**Church Starts International**
P.O. Box 177
Henrietta, TX 76365
(940) 538-5665
billdavis@churchstarts.com
www.churchstarts.com

All scripture quoted in this booklet is from:
"The GOOD NEWS Bible"
© 1976 by the American Bible Society
Used with permission.
© 1999, 2003 Ted Lindwall

Unang Aralin



## Juan Bautista

Noong unang panahon, ang mensahero ang naghahayag ng pagdating ng hari sa isang lugar. Sa ganito ring paraan, ang Diyos ay nagpadala ng mensahero upang ihanda ang mundo sa pagdating ng Kanyang Anak, ang Hari ng mga Hari

Si Juan Bautista, ang taong binawian ng buhay dahil sa kanyang katapatan sa pinaglalaban niyang katotohanan at katarungan, ay ang napili ng Dios na magpakilala kay Cristo Jesus sa mundo.

***Ayon sa Bibliya: Juan 1:6-14, 19-34***

**Juan 1:6-7.** ***Sinugo ng Diyos ang tao na nangangalang Juan. Naparito siya upang magpatotoo tungkol sa ilaw at manalig sa ilaw ang lahat dahil sa patotoo niya.***

1. Si Juan Bautista ay:

☐ Ang Mesias ☐ Ang sinugo ng Diyos
☐ Ang hari ng Jerusalem

**Juan 1:8-9.** ***Hindi siya ang ilaw kundi naparito siya upang magpatotoo tungkol sa ilaw. Ang tunay na ilaw na tumatanglaw sa lahat ng tao ay dumarating sa sanlibutan.***

2. Sa iyong palagay, sino ang ilaw?

☐ Jesu Cristo ☐ Juan Bautista

**Juan 1:10.** ***Nasa salibutan ang Salita. Nilikha ang sanlibutan sa pamamagitan niya ngunit hindi siya nakikilala ng sanlibutan.***

3. Alin sa mga pahayag na ito ang tama?

☐ Si Jesus ay nilalarawang "Ang Salita".
☐ Si Jesus ay kasama ng Diyos, ang kanyang Ama, sa paglikha ng sanlibutan.
☐ Ang mundo ay nakilala agad Siya.



**Juan 1:11-13.** ***Naparito siya sa kanyang bayan ngunit hindi siya tinanggap ng kanyang mga kababayan. Ngunit ang lahat ng tumanggap at nanalig sa kanya ay pinagkalooban niya ng karapatang maging anak ng Diyos. Sila nga'y naging anak ng Diyos, hindi dahil sa isinilang sila ayon sa kalikasan, ni sa pita ng laman o sa kagagawan ng tao. Ang pagiging anak nila ay buhat sa Diyos.***

4. Sino sino ang binigyan ng karapatan upang tawaging sariling anak ng Diyos?

☐ Lahat ng tao, tinanggap o hindi nila si Cristo bilang Diyos.
☐ Lahat ng tumanggap kay Cristobilang Diyos at nanampalataya sa Kanya.

**Juan 1:14.** ***Naging tao ang Salita at siya'y nanirahan sa piling natin. Nakita namin ang kanyang kapangyarihan at kadakilaan, puspos ng pag-ibig at katapatan. Tinanggap niya mula sa Amaang kapangyarihan at kadakilaang ito bilang bugtong na Anak.***

5. Ayon sa talata, si Jesus ay naging ________________puspos ng______________ at nanirahan sa ____________________.

**Juan 1:19-20.** ***Nang suguin ng mga Judio sa Jerusalem ang ilang saserdote at Levita upang itanong kung sino siya sinabi ni Juan ang katotohanan Sinabi niyang hindi siya ang Mesias.***

6. Inihayag ni Juan Bautista na:

☐ Siya ang Mesias. ☐ Hindi siya ang Mesias

**Juan 1:21-23.** ***"Kung gayo'y sino ka?"tanong nila. "Ikaw ba si Elias?" "Hindi Po," tugon niya. "Ikaw ba ang Propetang hinihintay namin?" Sumagot siya, "Hindi po." "Sino ka kung gayon?" Tanong nila uli. "Sabihin mo sa amin para masabi namin sa mga nagsugo sa amin. Ano ang masasabi mo tungkol sa iyong sarili?" Sumagot si Juan, "Ako 'Ang tinig ng isang sumisigaw sa ilang: Tuwirinin ninyo ang daraanan ng Panginoon!' "***

7. Ano ang sabi ni Juan tungkol sa kanyang sarili?

☐ Sinabi niya na siya ang Mesias.
☐ Sinabi niya na siya ang mensahero na pinadala upang ihanda ang mga tao sa pagtanggap sa darating na Panginoon.
☐ Sinabi niya na siya ang matagal ng hinihintay na Propeta.

**Juan 1:24-28.** ***Ang mga nagtanong ay sugo ng mga Pariseo. Muli nilang tinanong si Juan, "Bakit ka nagbabautismo, hindi pala naman ikaw ang Mesias, ni si Elias, ni ang Propeta?" Sumagot siya, "Ako'y nagbabautismo sa tubig, ngunit nasa gitna ninyo ang isang hindi ninyo nakikilala. Siya ang susunod sa akin, subalit hindi ako karapat-dapat magkalag man lamang ng tali ng kanyang panyapak." Ito'y nangyari sa Betania, sa ibayo ng Jordan na pinagbabautismuhan ni Juan.***

8. Paano kinukumpara ni Juan ang kanyang sarili kay Jesus?
☐ Sinabi niya na pinakamataas siya kay Jesus.
☐ Sinabi niya na pinakamababa siya kay Jesus.

**Juan 1:29.** ***Kinabukasan, nakita ni Juan si Jesus na lumalapit sa kanya. Sinabi niya, "Narito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!"***

9. Tinawag ni Juan Bautista si Jesus na "Ang Kordero ng Diyos" sapagkat si Jesus lamang ang maaaring ____________________________________________-
______________________________________________________.

10. Talakayin: Ano ang ginawa ni Jesus upang mapawi ang kasalanan? Ano ang nagtulak sa kanya upang gawin iyon? Bakit siya tinawag na "Kordero"?

**Juan 1:30-31.** ***Siya ang tinutukoy ko nang sabihin kong dumarating na kasunod ko ang isang higit pa sa akin sapagkat siya'y siya na bago pa ako ipanganak. Hindi ko rin siya lubos na nakikilala noon, bagamat ako'y naparitong nagbabautismo sa tubig upang ipakilala siya sa Israel."***

11. Talakayin: Si Juan Bautista ay mas matanda kay Jesus. Bakit sinabi ni Juan na si Jesus ay naritol na bago siya?

**Juan 1:32-33.** ***Ito ang patotoo ni Juan, "Nakita ko ang espiritung bumababa buhat sa langit, gaya ng isang kalapati, at nanatili sa kanya. Hindi ko nga siya lubos na nakikilala noon, ngunit ang nagsugo sa akin upang magbautismo sa tubig ang nagsabi sa akin, 'Makikita mo ang espiritu na bababa at mananatili sa isang tao – siya ang magbabautismo sa pamamagitan ng Espiritu Santo.' "***

12. Si Juan ay nagbabautismo sa:
☐ tubig. ☐ Espiritu Santo.



13. Lahat ng sumasampalataya kay Jesus ay binabautismohan niya sa:
☐ tubig. ☐ Espiritu Santo.

**Juan 1:34.** ***"Nakita ko ito, at pinatototohanan kong siya ang Anak ng Diyos."***

14. Pinatotohanan ni Juan na si Jesus ay:
☐ isang bulaang propeta ☐ Si Jesus ang Anak ng Diyos

Mukha bang mahirap ang unang pag-aaral ng Bibliya? Wari nawa'y hindi. Kung gugustuhin mong tapusin ang natitirang limang aralin, ikaw ay pagkakalooban ng kaayayang Sertipiko ng pag-aaral. Inaasahan namin na ikaw ay mahihilig at pahahalagahan ang pag-aaral. Isulat ang iyong pangalan at tirahan sa likod ng pahina.

Ikalawang Aralin

## Ang Samaritana



Maraming sumusumpa kay Jesus dahil sa pakikipag-kaibigan niya sa makasalanan. Kanyang sinabi na siya ay ***"naparito upang hanapin at iligtas ang naligaw"*** **(Lukas 19:10).**

Si Jesus ay nakikipag-usap sa mga makasalanan ng may pag-ibig at pasensiya. Sa ganoong paraan mapagtatanto nila kung gaano kahalaga na magkaroon ng tagapagligtas na maghahango sa kanila sa kasalanan at bilang kaloob ay magbibigay ng kaligtasan.

Sa ikaapat na kabanata ng Juan, mababasa natin na si Jesus ay nakikipag-usap sa isang babaeng may hindi kaayayang reputasyon. Ang sinabi ni Jesus ay napaka-importante para sa bawat isa sa atin ***"ang lahat ay nagkasala at walang sinumang karapat-dapat sa paningin ng Diyos"*** **(Roma 3:23).**

***Ayon sa Bibliya: Juan 4:5-29, 39-42***

**Juan 4:5-6.** ***Dumating siya sa isang bayan doon, na tinatawag na Sicar, malapit sa bukid na ibinigay ni Jacob sa kanyang anak na si Jose. Dito matatagpuan ang balon ni Jacob. Umupo si Jesus sa tabi nito, sapagkat siya'y napagod sa paglalakbay. Halos katanghaliang-tapat na noon.***

1. Sinasaad ng Bibliya na:
- ☐ Si Jesus ay mayamang tao at naglalakbay ng maluho.
- ☐ Si Jesus ay tao din na napapagod.

**Juan 4:7-9.** ***May isang Samaritanang dumating upang umigib. Sinabi ni Jesus sa kanya, "Maaari bang makiinom?" (Wala noon ang kanyang mga alagad sapagkat bumili ng pagkain sa bayan.) Sinabi sa kanya ng Samaritana, "Kayo'y Judio at Samaritana ako! Bakit kayo humihingi sa akin ng inumin?" (Sapagkat hindi nakikitungo ang mga Judio sa mga Samaritano.)***

2. Talakayin: Bakit parang nagulat ang Samaritana ng humingi si Jesus ng tubig?



**Juan 4:10.** ***Sumagot si Jesus, "Kung alam lamang ninyo kung ano ang ipinagkakaloob ng Diyos, at kung sino itong humihingi sa inyo ng inumin, marahil ay kayo ang hihingi sa kanya, at kayo nama'y bibigyan niya ng tubig na nagbibigay-buhay."***

3. Ano ang sinasabi ni Jesus na ibinibigay niya?

---

**Juan 4:11-12.** ***"Ginoo ," wika ng babae, "malalim ang balong ito at wala man lamang kayong panalok. Saan kyo kukuha ng tubig na nagbibigay-buhay? Higit pa ba kayo kaysa aming ninunong si Jacob, na nagbigay sa amin ng balong ito? Uminom siya rito, pati ang kanyang mga anak, at ang kanyang mga hayop."***

4. Inisip ng babae na ang tinutukoy ni Jesus ay :
- ☐ ordinaryong tubig
- ☐ buhay na walang hanggan

**Juan 4:13-14.** ***Sumagot si Jesus, "Ang umiinom ng tubig na ito'y muling mauuhaw, ngunit ang umiinom ng tubig na ibibigay ko ay hindi na muling mauuhaw. Ito'y magiging isang bukal sa loob niya, babalong at magbibigay sa kanya ng buhay na walang hanggan."***

5. Ano ang pinakamagandang bagay ang ipagkakaloob sa atin ni Cristo?
- ☐ materyal na bagay
- ☐ buhay na Spiritual, buhay na walang hanggan

**Juan 4:15-19.** ***Sinabi ng babae, "Ginoo, kung gayon po'y bigyan ninyo ako ng tubig na sinasabi ninyo, nang hindi na ako mauhaw, ni pumarito pa upang sumalok." "Umuwi ka at isama mo rito ang iyong asawa," wika ni Jesus "Wala po akong asawa," anang babae. "Tama ang sinabi mong wala kang asawa," tugon ni Jesus. Sapagkat lima na ang iyong naging asawa, at ang kinakasa mo ngayon ay hindi mo asawa. Totoo ang sinabi mo." Sinabi ng babae, "Ginoo, sa wari ko'y propeta kayo."***

6. Opinyon: Bakit inutusan ni Jesus ang babae na isama ang kanyang asawa?
- ☐ sapagkat hindi niya alam kung may asawa ang babae
- ☐ upang mapagtanto niya ang katotohanan ng kanyang kalagayan at ang kailangan niyang kaligtasan na ipinagkakaloob ni Cristo.

**Juan 4:20-24.** ***"Dito sa bundok na ito sumamba sa Diyos ang aming mga magulang, ngunit sinasabi ninyong mga Judio, na sa Jerusalem lamang dapat sambahin ang Diyos." Tinugon siya ni Jesus "Maniwala ka sa akin, Ginang, dumarating na ang panahon na sasambahin inyo ang Ama, hindi lamang sa bundok na ito o sa Jerusalem. Hindi ninyo nakikilala ang inyong sinasamba, sapagkat ang kaligtasan ay galing sa Judio. Ngunit dumarating na ang panahon – ngayon na nga – na ang mga tunay na sumasamba sa Ama ay sasamba sa kanya sa espiritu at katotohanan. Sapagkat ito ang hinahanap ng Ama sa mga sumasamba sa kanya. Ang Diyos ay Espiritu kaya dapat siyang sambahin sa espiritu at sa katotohanan."***

7. Sinasabi ni Jesus na ang tunay na pagsamba ay magagawa lamang:
- ☐ sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu.
- ☐ sa espesyal na lugar lamang, tulad ng templo sa Jerusalem.

**Juan 4:25.** ***Sinabi ng babae, "Nalalaman ko pong paparito ang Mesias, ang tinatawag na Cristo. Pagparito niya, siya ang magpapahayag sa atin ng lahat ng bagay."***

8. Ano ang inaasahan ng babae sa Mesias sa pagdating niya?

Juan 4:26. "Akong nagsasalita sa iyo ang tinutukoy mo," sabi ni Jesus

9. Agad bang umamin si Jesus sa kanya na siya ang Mesias, ang tagapagligtas?

☐ oo ☐ hindi ☐ hindi sigurado

**Juan 4:27-29.** ***Dumating nang sandaling iyon ang kanyang mga alagad. Nabigla sila nang makitang nakikipag-usap siya sa isang babae. Ngunit isa man sa kanila'y walang nagtanong kung ano ang ibig ni Jesus o kaya'y kung bakit siya nakikipag-usap sa babae. Iniwan ng babae ang kanyang banga, bumalik sa bayan at sinabi sa mga tagaroon, "Halikayo! Tignan ninyo ang taong nagsabi sa akin ng lahat ng ginawa ko. Siya na kaya ang Cristo?"***

10. Ano ang ginawa ng babae pagkatapos niyang makilala ang Panginoong Jesus?
- ☐ Sinabi niya na si Jesus ay isang bulaang propeta.
- ☐ Nagpatotoo siya na si Jesus ang Mesias.



**Juan 4:39.** ***Maraming Samaritano sa bayang yaon ang sumampalataya kay Jesus dahil sa patotoong ito ng babae, " Sinabi niya sa akin ang lahat ng aking ginawa."***

11. Marami ba sa mga taga Samaritano ang naniwala dahil sa patotoo ng babae? Bakit?

**Juan 4:40-41.** ***Kaya't paglapit ng mga Samaritano kay Jesus, hiniling nila na tumigil muna siya roon; at nanatili siya roon nang dalawang araw. At marami pang sumampalataya nang mapakinggan siya.***

12. Sa huli, ilan ang nanampalataya kay Jesus?
- ☐ kaunti ☐ maraming marami
- ☐ mangilan-ngilan

**Juan 4:42.** ***Sinabi nila sa babae, "Nananampalataya kami ngayon, hindi na dahil sa sinabi mo kundi dahil sa narinig namin sa kanya. Nakilala naming siya nga ang Tagapagligtas ng sanlibutan."***

13. Sa wakas, inihayag ng mga Samarito na Jesus "nga ang ________________________________________".

14. Ano ang iyong opinyon sa sumusunod: Naniniwala ka ba na ang babaeng Samaritana ay nagsisi sa kanyang makasalanang buhay? Naniniwalala ka bang siya ay nakatanggap ng "Buhay na Walang Hanggan" ang spiritual na buhay mula kayJesu Cristo? Sa iyong palagay ang lugar ba ng mga Samatirano ay naging mas masaya o mas malungkot ng dumating si Jesus?

Ikatlong Aralin

## Ang gutom na mga tao



Sa mga panahong nagkatawang tao ang Panginoong Jesus, maraming sumunod sa kanyang sa inaakalang makatatanggap ng mga himala at ng mga materyal na bagay. Nakalulungkot, marami ang sumunod kay Cristo hindi dahil sa pag-mamahal, kung hindi dahil sa inaasahang matatanggap na materyal na mga bagay galing sa kanya. Spiritual na buhay, Walang hanggang buhay ay para sa mga nagmamahal kay Jesu Cristo at handang ibigay ang buhay para sa kanya. Ang tunay na kristiano ay hindi basta isang taong sumusunod sa nakararami, kahit na sila ay nagpapakita ng kanilang kagustuhan sa relihiyon. Ito ay ilalathala ng mga pangyayari sa Bibliya na iyong pag-aaralan.

***Ayon sa Bibliya: Juan 6:1-15, 25-31, 35, 40-41 at 67-69***

**Juan 6:1-2.** ***Pagkatapos nito, tumawid si Jesus sa ibayo ng Lawa ng Galilea, na tinatawag ding Lawa ng Tiberias. Sinundan siya ng napakaraming tao sapagkat nakita nila ang mga kababalaghang ginawa niya sa pagpapagaling sa mga maysakit.***

1. Talakayin: Bakit maraming tao ang sumusunod kay Jesus?

**Juan 6:3-5.** ***Umahon si Jesus sa burol kasama ang kanyang mga alagad at naupo roon. (Malapit na noon ang Pista ng Paskuwa ng mga Judio.) Tumanaw si Jesus, at nakita niyang dumarating ang napakaraming tao. Tinanong niya si Felipe, "Saan tayo bibili ng tinapay upang makakain ang mga taong ito?"***

2. Pagkatapos magturo ni Jesus sa mga tao:
- ☐ naisip niyang pagkakitaan ito sa pamamagitan ng pagtitinda ng pagkain.
- ☐ gusto niyang pakainin sila sapagkat alam niyang may pananagutan siya.

**Juan 6:6-9.** ***(Sinabi niya ito para subukan si Felipe, sapagkat alam ni Jesus ang kanyang gagawin.) Sumagot si Felipe, "Kahit na po halagang 200 denaryong tinapay ang bilhin ay hindi sasapat para makakain ng tigkakaunti ang mga tao." Sinabi ng isa sa kanyang mga alagad si Andres na kapatid ni Simon Pedro, "Mayroon po ritong isang batang lalaki na may dalang limang tinapay na sebada at dalawang isda. Ngunit gaano na ito sa ganyang karaming tao?***



3. Talakayin: Anong mga problema ang inilahad ni Felipe at ni Andres na nagawa nilang isiping imposibleng pakainin ang mga tao?

**Juan 6:10-15.** ***"Paupuin ninyo sila," wika ni Jesus. Madamo sa lugar na yaon. Umupo ang lahat – humigit-kumulang sa 5,000 ang mga lalaki. Kinuha ni Jesus ang tinapay at matapos magpasalamat sa Diyos ay ipinamahagi sa mga tao; gayon din ang ginawa niya sa isda. Binigyan ang lahat hangga't gusto nila. At ng makakain na sila, sinabi niya sa mga alagad, "Tipunin ninyo ang lumabis para hindi masayang." Gayon nga ang ginawa nila, at nakapuno sila ng labindalawang bakol. Nang makita ng mga tao ang kababalaghang ginawa ni Jesus sinabi nila, "Tunay na ito ang Propetang paparito sa sanlibutan!" Nahalata ni Jesus na lalapit ang mga tao at pilit siyang kukunin upang gawing hari, kaya muli siyang umalis na mag-isa patungo sa kaburulan.***

4. Markahan ang tamang pangungusap ng "X".
- ☐ Sa wakas nakakuha sila ng tinapay sa panaderya.
- ☐ Ginamit nila ang dalang pagkain ng bata upang pakainin ang mga tao.
- ☐ Inutusan ni Jesus ang kanyang mga alagad upang ipamahagi ang pinagpasalamat na pagpapala.
- ☐ Sinabi ng mga tao na ito ay isang panloloko.
- ☐ Agad na lumisan si Jesus sapagkat gusto ng mga taong gawin siyang hari ng sanlibutan.

**Juan 6:25-26.** ***Nakita nila si Jesus sa ibayo ng lawa, at kanilang tinanong, "Rabi kailan pa kayo rito?" Sumagot si Jesus, "Sinasabi ko sa inyo: hinahanap ninyo ako, hindi sa kababalaghang nakita ninyo, kundi dahil nakakain kayo ng tinapay at nabusog.***

5. Talakayin: Ayon kay Jesus, bakit hinahanap siya ng mga tao?

**John 6:27.** ***"Gumawa kayo, hindi upang magkaroon ng pagkaing nasisira, kundi upang magkaroon ng pagkaing hindi nasisira at nagbibigay ng buhay na walang hanggan. Ibibigay ito sa inyo ng anak ng Tao, sapagkat siya ang binigyan ng kapangyarihan ng Diyos Ama."***

6. Ipinahahayag ni Jesus na dapat nating:
- ☐ unahin natin ang mga panganga-ilangan nating materyal.
- ☐ siguruhing magkaroon ng buhay na walang hanggan para sa ating sarili.

**Juan 6:28-31.** ***Kaya't siyay tinanong nila, "Ano po ang dapat naming gawin upang aming maganap ang kalooban ng Diyos?" "Ito ang ipinagagawa sa inyo ng Diyos: manalig kayo sa sinugo niya," tugon ni Jesus "Ano pong kababalaghan ang maipakikita ninyo upang manalig kami sa inyo? Ano po ang gagawin ninyo?" Tanong nila."Ang aming mga magulang ay kumain ng manna sa ilang, ayon sa nasusulat, 'Sila'y binigyan niya ng pagkaing mula sa langit,' " dugtong pa nila.***

7. Sa iyong palagay: Ano ang mas gusto ng nakararami: isa pang himala upang maniwala sila kay Jesus o isa pang libreng tinapay? Ano ang mas ibig ng Diyos na ating dapat gawin?

**Juan 6:35.** ***"Ako ang pagkaing nagbibigay-buhay," sabi ni Jesus. "Ang lumalapit sa akin ay hindi na magugutom at ang nananalig sa akin ay hindi na mauuhaw kailanman."***

8. Sa iyong palagay: Ano ang ibig parating ni Jesus ng sabihin niya sa mga tao na siya ay ang "pagkaing nagbibigay buhay?"

**Juan 6:40.** ***"Sapagkat ito ang kalooban ng aking Ama: ang lahat ng makakakita at mananalig sa Anak ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan. At sila'y muli kong bubuhayin sa huling araw."***

9. Ayon kay Jesus, kalooban ng Diyos na lahat ng maniniwala kay Jesus (yaon ay ang magtitiwala lamang sa kanya at wala ng iba)ay pagkakalooban ng ______________
_______________________________________________________________.

**Juan 6:41.** ***Nagbulung-bulungan ang mga Judio dahil sa sinabi niya, "Ako ang pagkaing bumaba mula sa langit."***

10. Papaano tumugon ang mga tao?
- ☐ Pinuna nila si Jesus, dahil sa pinagkaloob niya ang kanyang sarili bilang pagkaing mula sa langit sa halip na magbigay pa ng tinapay.
- ☐ Inamin nila ang kanilang pananampalataya kay Jesus bilang kanilang Diyos at Tagapagligtas.

**Juan 6:67-68.** ***Kaya't tinanong ni Jesus ang Labindalawa, "Ibig din ba ninyong umalis?" Sumagot si Simon Pedro, "Panginoon kanino po kami pupunta? Nasa inyo ang mga salitang nagbibigay ng buhay na walang hanggan."***



11. Wika ni Simon Pedro:
- ☐ hindi na sila susunod kay Jesus.
- ☐ si Jesus lamang ang nagbibigay ng buhay na walang hanggan.

**Juan 6:69.** ***Naniniwala kami at ngayo'y natitiyak naming kayo ang Banal ng Diyos.***

12. Talakayin: Ano ang huling sinabi ni Pedro tungkol kay Kristo Jesus?

13. Sa iyong palagay, ano ang pagkakaiba sa mga karamihang tao at sa mga tunay na sumusunod kay Jesus patungkol sa:
- ☐ gusto nila kay Jesus.
- ☐ kanilang pagmamahal kay Jesus.
- ☐ kanilang katapatan sa pagsunod kay Jesus.

Ikaapat na Aralin



## Ang Taong Pinanganak Na bulag

Sinasabi ni Jesus sa mga nagugutom ***"Ako ang pagkaing nagbibigay Buhay."*** **(Juan 6:35)** Pagkatapos sinabi niya, ***"Ako ang ilaw ng sanlibutan."*** **(Juan 9:5)** Ang liwanag ay may halaga lamang sa mga nakakakita. Si Jesus ay naparito upang makakita ang mga bulag. Siya rin ay naparito upang ang mga espiritual na bulag ay makakita.

Sa mga sumusunod na talaan ng bibliya , makikita natin na ang mga taong mas inaasahan natin na espiritual na nakakakita, mga pinuno sa relihiyon, ay ang pinakabulag sa lahat. Makikita natin ang sitwasyon ng taong bulag, na hindi lamang siya nakakita kundi pati ang kanyang espirituwal na mata ay nakakita. Si Jesu Cristo, ang "Ilaw ng Sanlibutan," ang magbibigay liwanag sa iyong espiritual na mata kung ito ay iyong iibigin at hihingin sa kanya.

***Ayon sa Bibliya: Juan 9:1-17, 24-25, 28-38***

**Juan 9:1-5.** ***Sa paglalakad ni Jesus ay may nakita siyang isang lalaking ipinanganak na bulag. Tinanong siya ng kanyang mga alagad, "Rabi, sino po ang nagkasala at ipinanganak na bulag ang lalaking ito, siya o ang kanyang mga magulang?" Sumagot si Jesus, "Ipinanganak na bulag ang lalaking ito, hindi dahil nagkasala siya o ang kanyang mga magulang, kundi upang mahayag ang kapangyarihan ng Diyos. Dapat nating gawin ang mga ipinagagawa ng nagsugo sa akin samantalang araw pa; dumarating ang gabi at wala ng makagagawa. Habang ako'y nasa sanlibutan, ako ang ilaw ng sanlibutan."***

1. Sa iyong palagay: Bakit hinalintulad ni Jesus ang kanyang sarili sa liwanag, na sinasabi, "Ako ang ilaw ng sanlibutan"?

**Juan 9:6-7.** ***Pagkasabi nito, si Jesus ay lumura sa lupa at gumawa ng putik. Ipinahid niya ito sa mata ng bulag. Sinabi sa kanya ni Jesus, "Pumunta ka sa deposito ng tubig sa Siloe." (Ang kahulugan nito'y sinugo) "Maghilamos ka roon." Gayon nga ang ginawa ng bulag at nang magbalik ay nakakikita na.***



2. Talakayin: Anong kakaibang pagpapagaling ang ginamit ni Jesus upang makakita ang bulag? May binigay ba sa kanyang utos na dapat gawin? Ano ang naging resulta nito?

**Juan 9:8- 9.** ***Sinabi ng mga kapitbahay niya at ng mga nakakita sa kanya noong siya'y namamalimos pa, "Hindi ba iyan ang lalaking dating nagpapalimos?" Sumagot ang ilan, "Iyan nga!" "Hindi! Kamukha lang," wika naman ng iba. At sumagot ang lalaki, "Ako nga po iyon."***

3. Paano ipinakita ng mga tao ang kanilang alinlangan sa mga himala?
- ☐ Sinabi nila na ito'y isa patibong lamang.
- ☐ Sinabi nila na siya ay kamukha lamang nung taong dating bulag.

**Juan 9:10-12.** ***"Paano kang nakakita?" tanong nila. Sumagot siya, "Ang lalaking tinatawag na Jesus ay gumawa ng putik at pinahid sa aking mga mata. Pagkatapos, sinabi niya sa akin, 'Pumunta ka sa Siloe at maghilamos.' Kaya't pumroon ako at naghilamos, at nakakita na ako." "Nasaan siya?" tanong nila sa kanya. "Ewan ko po," sagot niya.***

4. Sinabi ng bulag na:
- ☐ pinagaling siya ng taong tinatawag na Jesus..
- ☐ pinagaling niya ang kanyang sarili.

**Juan 9:13-16.** ***Dinala nila sa Pariseo ang dating bulag. (Araw ng pamamahinga nang gumawa si Jesus ng putik at padilatin ang bulag.) Tinanong sin siya ng mga Pariseo kung paano siya nakakita. Sinabi niya sa kanila, "Pinahiran niya ng putik ang aking mga mata, naghilamos ako pagkatapos, at ngayo'y nakakikita na ako." Ang sabi ng ilan sa mga Pariseo, "Hindi mula sa Diyos ang taong iyan, sapagkat hindi niya pinangingilin ang Araw ng Pamamahinga." Ngunit sinabi naman ng iba, "Paano makagagawa ng ganitong kababalaghan ang isang makasalanan?" At hindi sila magkaisa ng palagay.***

5. Ilan sa mga pinuno ng relihiyon na tinatawag na mga Pariseo ang nagsasabing si Jesus ay hindi galing sa Diyos sapagkat:
- ☐ Nabubuhay si Jesus sa kasalanan.
- ☐ Pinagaling ni Jesus ang bulag sa Araw ng Pamamhinga (Sabado),
- ☐ Isang paglabag sa tradisyon ng mga Judio

**Juan 9:17.** ***Kaya't tinanong nila ulit ang dating bulag, "Ikaw naman yamang pinadilat ni Jesus ang iyong mga mata, ano naman ang masasabi mo tungkol sa kanya?" "Siya'y isang propeta!" sagot niya.***

6. Sa talata 11, inihahalintulad ng bulag si Jesus bilang ang isang "tao." Ngayon naman ay hinahalintulad niya siya bilang "ang ________________________."

**Juan 9:24-25.** ***Kaya't muli nilang ipinatawag ang dating bulag at sinabi sa kanya, "Sabihin mo ang totoo! Alam naming makasalanan ang taong iyon." "Hindi ko po alam kung siya'y makasalanan o hindi," tugon niya. "Isang bagay ang alam ko: dati akong bulag ngunit ngayo'y nakakakita na."***

7. Ang taong dating bulag ay nagsabing isang bagay lamang ang alam niya:
- ☐ na alam niya ang lahat patungkol kay Jesu Cristo
- ☐ na alam niya na ang buhay niya'y binago ni Cristo

Sarilng Patotoo: Sa bawat mag-aaral at mga guro... si Jesus ba ay may pagbabagong ginawa sa buhay ninyo? Kung meron, ibahagi mo ang pangyayari.

**Juan 9:28.** ***At siya'y inalipusta nila. "Ikaw ang alagad niya," sabi nila "Ngunit kami'y mga alagad ni Moises.***

8. Upang kanilang maalipusta ang pinagaling na bulag, sinabi ng mga pinuno ng relihiyon na siya ay:
- ☐ sinungaling at magnanakaw
- ☐ taga sunod, alagad ni Jesus

**Juan 9:29-33.** ***"Nalalaman naming nagsasalita ang Diyos kay Moises; ngunit ang taong iyon – ni hindi namin alam kung saan nanggaling!" Sumagot ang lalaki, "Iyan nga po ang kataka-taka! Hindi ninyo alam kung san siya nanggaling, gayong pinadilat niya ang mga mata ko. Alam nating hindi pinakikinggan ng Diyos ang mga makasalanan, ngunit pinakikinggan niya ang mga tunay na sumasamba sa kanya at sumusunod sa kanyang kalooban. Buhat sa pasimula ng sanlibutan ay wala pang nakakapagpapadilat ng mga mata ng taong pinanganak na bulag. Wala pong magagawa ang taong iyon kung siya'y hindi mula sa Diyos!***



9. Sinabi ng pinagaling na bulag ay:
- ☐ si Jesus ay manloloko
- ☐ Ang Diyos ay nakikinig sa umiibig at ginagawa ang kanyang kagustuhan
- ☐ si Jesus ay maaaring galing sa Diyos

**Juan 9:34.** ***Sumagot sila, "Ipinanganak kang makasalanan at ikaw pa ang magtuturo sa amin?" Ay siya'y itiniwalag nila.***

10. Talakayin: Sa huli, ano ang ginawa ng mga pinuno ng relihiyon duon sa tao?

**Juan 9:35.** ***Nabalitaan ni Jesus na ang lalaking pinagaling niya ay itiniwalag ng Pariseo. Kaya't tinanong niya ang lalaki ng matagpuan niya ito, "Sumasampalataya ka ba sa Anak ng Tao?"***

11. Pagkatapos nito, si Jesus:
- ☐ ay nawalan ng interes duon sa tao.
- ☐ ay hinanap niyang maigi ang taong iyon.

**Juan 9:36.** ***Sumagot ang lalaki, "Sino po ba siya, Ginoo? Sabihin ninyo sa akin, upang ako'y manampalataya sa kanya."***

12. Ang pinagaling:
- ☐ ay nakumbinsi na si Jesus ay ang Mesias.
- ☐ ay hindi sigurado na siya nga ang Anak ng Diyos ngunit siya ay nagtiwala.


**Juan 9:37.** ***"Siya'y nakita mo na. Siya ang nakikipag-usap sa iyo," ani Jesus.***

13. Sa iyong palagay: Ano ang sinabi ni Jesus duon sa tao tungkol sa kanyang sarili? Bakit malinaw na inihayag ni Jesus ang kanyang sarili sa taong iyon, ngunit hindi sa mga pinuno ng relihiyon?

**Juan 9:38.** ***"Sumasampalataya po ako, Panginoon!" sabi ng lalaki. At sinamba niya si Jesus.***

14. Sa wakas, ang pinagaling na bulag ay:
- ☐ sinamba si Jesus.
- ☐ nag-alinlangan kay Jesus.
- ☐ ibinigay ang buong pananampalataya kay Jesus bilang kanyang Dakilang Tagapagligtas at kanyang Diyos.

Ikalimang Aralin



## NICODEMO: Ang Relihiyosong Pinuno

Paanong makatatangap ng tao ng buhay na walang hanggan? Ang sanlibutan ay naguguluhan. Maraming naniniwalang ang buhay na walang hanggan ay para sa lahat ng tapat sa kanilang relihiyon. Iniisip ng iba na ang buhay na walang haggan, kung mayroon man, ay parang isang gantimpala lamang sa mga may matiwasay na buhay sa mundong ito. Subalit paano natin malalaman ang katotohanan?

Alam natin na ang sinasabi ni Jesus ay ang katotohan. Sa mga susunod na pag-aaral, mapupuna natin ang pagkamangha ng isang taong may kaaya-ayang ugali, isang relihiyosong pinuno, nang ipaliwanag ni Jesus sa kanya na ang langit ay para lamang sa nakaranas ng pagkapanganak sa espiritu. Ipaliliwanag ng mabuti ni Jesus kung paano tayo ipanganganak sa espiritu at makatatanggap ng buhay na walang hanggan. Ito ay mararanasan at dapat maranasan ng bawat isa.

***Ayon sa Bibliya: Juan 3:1-18 at 36***

**Juan 3:1-2.** ***May isang Pariseo at pinuno ng mga Judio, na nangangalang Nicodemo. Isang gabi, siya'y nagsadya kay Jesus. "Rabi'" sabi niya "nalalaman po naming kayo ay isang gurong mula sa Diyos, sapagkat walang makagagawa ng mga kababalaghang ginagawa ninyo malibang sumasakanya ang Diyos."***

1. Ano ang iyong palagay kay Nicodemo? Siya ba ay relihiyoso? May paggalang at paghanga ba siya kay Jesus? Bakit sa gabi siya nagsadya kay Jesus?

**Juan 3:3.** ***Sumagot si Jesus, "Sinasabi ko sa inyo: maliban na ipanganak na muli ang isang tao, hindi siya paghaharian ng Diyos."***

2. Si Jesus:
☐ ay nagpasalamat kay Nicodemo sa kanyang matamis na salita.
☐ ay nagpaalala kay Nicodemo na maliban ipanganak na muli ang isang tao, siya'y hindi ligtas.



**Juan 3:4.** ***"Paano pong maipapanganak na muli ang isang tao kung matanda na siya? Makapapasok pa ba siya sa tiyan ng kanyang ina para ipanganak uli?" Tanong ni Nicodemo.***

3. Inakala ni Nicodemo na sinasabi ni Jesus ay:
☐ ikalawang kapanganakang pisikal
☐ kapanganakang espiritual

**Juan 3:5-7.** ***"Sinasabi ko sa inyo," ani Jesus, "maliban na ang tao'y ipanganak sa tubig at sa Espiritu, hindi siya paghaharian ng Diyos. Ang ipinanganak sa laman ay laman, at ang ipinanganak sa Espiritu ay espiritu. Huwag kayong magtaka sa sinasabi ko sa inyo, "Lahat ay kailangang ipanganak na muli."***

4. Ipinaliwanag ni Jesus na dapat tayong ipanganak sa katawang L_________________ at ipanganak sa E_______________ ng Diyos.

**Juan 3:8.** ***Umiihip ang hanggin kung saan ibig at naririnig ninyo ang ugong nito, ngunit hindi ninyo alam kung saan nanggagaling at kung saan naparoroon. Gayon din ang ipinanganganak sa espiritu.***

5. Ipinahihiwatig ni Jesus na ang kapanganakang espiritual ay:
☐ kamangha-mangha, tulad ng hangin.
☐ para sa mga relihiyoso.

**Juan 3:9-13.** ***"Paano pong mangyayari ito?" tanong ni Nicodemo. Sumagot si Jesus, "Guro pa naman kayo ng Israael ay hindi ninyo nauunawaan ang bagay na ito? Tandaan ninyo: ang aming nalalaman ay sinasabi namin, at ang aming nasaksihan ang pinatototohanan namin, ngunit hindi ninyo tinatanggap ang aming patotoo. Kung hindi ninyo paniniwalaan ang sinasabi ko tungkol sa mga bagay sa sanlibutang ito, paano ninyo paniniwalaan kung ang sabihin ko'y tungkol sa langit? Walang umakyat sa langit kundi ang bumaba sa langit – ang Anak ng Tao.***

6. Nagturo si Jesus ng may dakilang kapangyarihan dahil:
☐ Siya lang ang nag-iisang galing sa langit.
☐ Nag-aral siyang mabuti.

**Juan 3:14-15.** ***"At kung paanong itinaas ni Moises ang ahas doon sa ilang, gayon din naman, kailangang itaas ang Anak ng Tao, upang ang sinumang sumasampalataya sa kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.***

(Tanungin ang guro at ipapaliwanag ang mga ahas sa ilang. Bilang 21:9.)

7.Sino ang nag-iisang karapatdat sa ating pananampalataya at pag-asa para sa kaligtasan?
☐ Si Jesu Cristo, ang Anak ng Tao.
☐ ang mga pari, pastor, at mga pinunong relihiyon.

**Juan 3:16.** ***Gayon nalamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumasampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.***

8. Markahan ang mga tamang sagot:
☐ Si Cristo ay naparito sapagkat mahal tayo ng Diyos.
☐ Binigay ng Diyos ang kanyang "bugtong na Anak" kapalit ng ating mga kasalanan.
☐ Naligtas tayo dahil sa pagiging relihiyoso o kabaitan.
☐ Niligtas tayo dahil sa pagtiwala natin kay Jesus, pagbigay ng buhay natin.
☐ Na sinumang sumasampalataya kay Jesus ay hindi mamamatay habang buhay.

**Juan 3:17.** ***Sapagkat sinugo ng Diyos ang kanyang Anak, hindi upang hatulang maparusahan ang sanlibutan, kundi upang iligtas ito sa pamamagitan niya.***

9. Bakit sinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa sanlibutan?
☐ upang hatulan ang sanlibutan.
☐ upang iligtas ang sanlibutan sa kasalanan.

**Juan 3:18.** ***"Hindi hinahatulang maparusahan ang nananampalatay sa bugtong na Anak ng Diyos; ngunit hinatulan nang parusahan ang hindi nananampalataya sa kanya.***

10. Talakayin: Paano maiiwasan ang tamang paghatol ng Diyos? Lahat ba ng tao'y naligtas? Sino-sino silang hinatulan na ng Diyos?

11. Sa iyong Palagay: Ang pananampalatayang kailangan upang magkaroon ng walang hanggang buhay ay?
☐ magtiwala ng buong puso, isuko ang buhay kay Cristo.
☐ basta magtiwala na si Jesus ay Anak ng Diyos



**Juan 3:36.** ***Ang nananalig sa Anak ay may buhay na walang hanggan; ngunit ang hindi tumatalima sa Anak, hindi magkakaroon ng buhay – mananatili sa kanya ang poot ng Diyos.***

12. Markahan ang tamang sagot:
☐ Sino mang ipinagkaloob ang sarili kay Jesus sa pamamagitan ng pananampalataya ay ligtas na.
☐ Ang hindi tumalima ay mananatili sa kanya ang poot ng Diyos.
☐ Pinangako ni Jesus na kung hindi tayo maniniwala ngayon, may pagkakataon pa tayo pagkatapos mamatay.
☐ Ang mga taong hindi ipagkakaloob ang buhay kay Jesus ay makakaranas ng kaparusahan ng Diyos.

**Suriin ang Sarili**

*Markahan ang mga parirala na nagpapahayag ng iyong nararamdaman.*
☐ Tulad ni Nicodemo, nagulat ako sa mga turo ni Jesus sa paraan pagtanggap ng buhay na walang hanggan.
☐ Marami pa akong pag-aalinlangan tungkol kay Jesus.
☐ Akin nang nauunawaan na ang kaligtasan ay manggagaling kay Jesus kung buong buo kong ibibigay ang tiwala sa kanya.
☐ Akin nang nauunawaan na dapat kong ibigay ang buhay ko kay Jesus, subalit wala akong lakas o mananampalatayang gawin ito.
☐ Nananampalataya ako na namatay si Cristo para sa akin, at tinatangap ko siya ngayon at magpakailanman bilang aking Dios at tagapagligtas.
☐ Tinangap ko na si Jesus at nagpapasalamat sa buhay na walang hanggang tinatamasa ko.

Ikaanim na Aralin



## Ang hindi Naniniwalang mga Alagad

Makailang beses na sinsabi ni Jesus sa kanyang mga alagad na nararapat na siya ay mamatay sa kamay ng mga kaaway, ngunit siya ay mabubuhay na magmuli. Subalit ang mga alagad ay pawang hindi nauunawaan o naniniwala sa mga sinasabi niya. Samakatuwid, nang mamatay si Jesus sa krus, ang kanyang mga taga sunod ay nawalan ng pag-asa.

Subalit, kahit na nabuhay namagmuli si Jesus sa ikatlong araw, ayon sa kanyang pangako, patuloy paring hindi naniniwala ang kanyang mga alagad. Kinakailangang pang magpakita ni Jesus sa kanila bago sila manampalatayang siya ay nagtagumpay laban sa kapangyarihan ng kamatayan.

Ipinangako ni Jesus ang kakaibang pagpapala sa sino mang sasampalataya sa kanya kahit siya'y hindi nakikita. Ang dakilang katotohanan na si Jesu Kristo ay buhay at ***"lubusan niyang maililigtas ang lahat ng lumalapit sa Diyos sa pamamagitan niya, sapagkat siya'y nabubuhay magpakailanman upang mamagitan para sa kanila."* Hebreo 7:25**

***Ayon sa Bibliya: Juan 20:1-21, 24-31***

**Juan 20:1-2.** ***Madilim-dilim pa nang araw ng Linggo, naparoon na si Maria Magdalena sa libingan. Naratnan niyang naalis na ang batong panakip sa pinto ng libingan. Dahil dito patakbo siyang pumunta kay Simon Pedro at sa alagad na mahal ni Jesus, at sinabi sa kanila, "Kinuha sa libingan ang Panginoon at hindi namin alam kung san dinala!"***

1. Nang si Maria Magdalena ay nag-ulat sa mga alagad, inisip niya na:
- ☐ ninakaw ang labi ni Jesus.
- ☐ nakatitiyak na si Jesus ay nabuhay na magmuli.

**Juan 20:3-7.** ***Kaya't si Pedro at ang nasabing alagad ay nagpunta sa libingan. Kapwa sila tumakbo ngunit si Pedro'y naunahan ng kasamang alagad. Yumuko ito at sumilip sa loob. Nakita niyang nakalagay ang mga kayong lino, ngunit hindi siya pumasok. Kasunod niyang dumating si Simon Pedro at tuluy-tuloy itong pumasok sa libingan. Nakita niya ang mga kayong lino, at ang panyong ibinalot sa ulo. Hindi ito kasama ng mga kayong lino, kundi hiwalay na nakatiklop sa isang tabi.***



2. Talakayin: Ano-ano ang mga pahiwatig na nagsasaad na si Jesus ay nabuhay na magmuli?

**Juan 20:8-10.** ***Pumasok din ang alagad na naunang dumating; nakita niya ito at siya'y naniwala. (Hindi pa nila nauunawaan ang nakasaad sa Kasulatan, na kailangang muling mabuhay si Jesus.) At umuwi ang mga alagad.***

3. Ang dalawang alagad:
- ☐ patuloy na hindi nauunawaan ang hula ng Lumang Tipan na si Jesus ay kinakailangang mabuhay na magmuli.
- ☐ hinanap ang labi ni Jesus sa libingan.

**Juan 20:11-13.** ***Si Maria'y nakatayong umiiyak sa labas ng libingan; yumuko siya at tumingin sa loob. May nakita siyang dalawang angel na nakaupo sa pinaglalagyan ng bangkay ni Jesus, ang isa'y sa gawing ulunan at ang isa nama'y sa paanan. Tinanong nila si Maria, "Ale bakit kayo umiiyak?" Sumagot siya, "Kinuha po nila ang aking Panginoon, at hindi ko alam kung san dinala."***

4. Talakayin: Naniwala ba si Maria na si Jesus ay nabuhay? Ano ang katibayan ng pagmamahal niya kay Jesu Cristo?

**Juan 20:14-15.** ***Lumingon siya pagkasabi nito, at nakita niya si Jesus na nakatayo roon, ngunit hindi niya nakilalang si Jesus iyon. Tinanong siya ni Jesus, "Bakit ka umiiyak? Sino ang hinahanap mo?" Akala ni Maria'y siya ang tagpag-alaga ng halamanan, kaya't sinabi niya, "Ginoo, kung kayo po ang kumuha sa kanya, ituro ninyo sa akin kung saan ninyo dinala at kukunin ko."***

5. Si Maria Magdalena:
- ☐ nakilala niya agad si Jesus.
- ☐ gusto niyang kunin ang labi ni Jesus kung ibibigay sa kanya.

**Juan 20:16-18.** ***"Maria," ani Jesus. Humarap siya at kanyang sinabi, "Raboni!" – ibig sabihi'y "Guro." "Huwag mo akong hawakan, sapagkat hindi pa ako nakakapunta sa Ama," wika ni Jesus. "Sa halip, pumunta ka sa aking mga kapatid at sabihin mong aakyat ako sa aking Ama at inyong Ama, sa aking Diyos at inyong Diyos." Kaya't si Maria Magdalena'y pumunta sa mga alagad at sinabi, "Nakita ko ang Panginoon!" At tuloy sinabi sa kanila ang bilin ni Jesus.***

6. Markahan ang tamang sagot.
- ☐ Hindi makapaniwala si Maria na si Jesus ang kausap niya.
- ☐ Tinawag ni Jesus ang kanyang mga alagad na "mga kapatid."
- ☐ Inutusan ni Jesus si Maria na pumunta sa kanyang mga alagad at sabihin ang magandang balita.

**Juan 20:19-20. *Kinagabihan ng araw ding iyon, ang mga alagad ay nagkakatipon. Nakapinid ang mga pinto ng bahay na kanilang pinagtitipunan dahil sa takot nila sa mga Judio. Dumating si Jesus at tumayo sa gitna nila. "Sumainyo ang kapayapaan!" sabi niya. Pagkasabi nito, ipinakita niya ang kanyang mga kamay at ang kanyang tagiliran. Tuwang tuwa ang mga alagad ng makita ang Panginoon.***

7. Talakayin: Papaano pinatunayan ni Jesus sa kaniyang mga alagad na siya nga ay nabuhay na magmuli?

**Juan 20:21. *Sinabi na naman ni Jesus, "Sumainyo ang kapayapaan! Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman, sinusugo ko kayo."***

8. Inutusan ni Jesus ang kanyang mga tagasunod na, sinasabi, "Kung paanong sinugo ako ng Ama, gayon din naman, ________________________________ ."

**Juan 20:24-25. *Ngunit si Tomas na tinaguriang Kambal, isa sa Labingdalawa, ay wala roon nang dumating si Jesus. Kaya't sinabi sa kanya ng ibang alagad, "Nakita namin ang Panginoon!" Sumagot si Tomas "Hindi ako maniniwala hangga't di ko nakikita ang butas ng mga pako sa kanyang mga kamay, at naisusuot dito ang aking daliri, at hindi ko naipapasok ang aking kamay sa kanyang tagiliran."***

9. Sinabi ni Tomas na siya ay:
- ☐ hindi maniniwala, hangga't hindi niya nakikita at nahahawakan si Jesus.
- ☐ naniwala sa lahat ng sinabi ng mga disipulo tungkol sa pagkabuhay ni Jesus.

**Juan 20:26-27. *Makalipas ang walong araw, muling nagkatipon sa loob ng bahay ang mga alagad; kasama nila si Tomas. Nakapinid ang mga pinto, ngunit pumasok si Jesus at tumayo sa gitna nila. Sinabi niya, "Sumainyo ang kapayapaan!" Saka sinabi kay Tomas, "Tignan mo ang aking mga kamay at ilapit dito ang iyong daliri. Ipasok mo ang iyong kamay sa aking tagiliran. Huwag ka nang mag-alinlangan, maniwala ka na."***



10. Sa iyong Palagay: Bakit bumalik si Jesus: upang sumpain si Tomas dahil sa kanyang di pagsampalataya o upang tulungan si Tomas na maniwala? Bakit mo naisip na yan?

**Juan 20:28. *Sumagot si Tomas, "Panginoon ko at Diyos ko!"***

11. Pagkatapos, si Tomas ay:
- ☐ hiniling na makita ang mga sugat ni Jesus.
- ☐ inihayag niya na si Jesus ay ang Panginoon at Diyos.

**Juan 20:29. *Sinabi sa kanya ni Jesus, "Naniniwala ka na ba sapagkat nakita mo ako? Mapalad ang mga naniniwala kahit hindi nila ako nakikita."***

12. Talakayin: Para kanino nilalaan ni Jesus ang kakaibang pagpapala?

**Juan 20:30-31. *Marami pang kababalaghang ginawa si Jesus na nasaksihan ng mga alagad, ngunit hindi natala sa aklat na ito. Ang mga natala rito'y sinulat upang sumamplataya kayong si Jesus ang Mesias, ang Anak ng Diyos, at sa gayo'y magkaroon kayo ng buhay sa pamamagitan niya.***

13. Ang aklat ni Juan ay isinulat upang:
- ☐ maging magaling tayong mangatwiran.
- ☐ magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan, sumasampalataya lamang kay Jesu Cristo bilang ating Diyos at Tagapagligtas.

**HULING PAGSUSURI**

*Markahan ang parirala na nagpapahayag ng iyong tunay na saloobin.*
- ☐ Ang pag-aaral ng aklat ni Juan ay nakatulong sa aking pananampalataya kay Jesu Cristo.
- ☐ Hinihiling ko sa Diyos na bigyan niya pa ako ng pananampalataya, hanggang sa dumating ang pagkakataon na ibigay ko ang aking buhay kay Jesus.
- ☐ Bago pa ang pag-aaral na ito, lubos akong nagtitiwala kay Jesus bilang aking nag-iisang Tagapagligtas.
- ☐ Dahil sa pag-aaral na ito, ibinibigay ko ang aking buhay kay Jesu Cristo, na alam kong siya lamang ang magbibigay ng aking kaligtasan.